**MGA SUSING PAHAYAG PARA SA 2020 THANKSGIVING DAY CONFERENCE**

**Ang Kristo na humahaili sa ating kultura ng Kanyang Sarili para sa isang bagong tao ay ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, ang nangungunang Isa, ang sentralidad at unibersalidad ng ekonomiya ng Diyos.**

**Kapag taglay natin ang pangitain ng nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, nararanasan Siya bilang ating buhay at ang bumubuo sa ating buong katauhan, ibinubuhay Siya sa halip na ating kultura, ang isang bagong tao ay maipapakita sa gitna natin sa isang praktikal na paraan, at matatanto natin ang buhay ng bagong tao.**

**Kailangan nating mapabago araw-araw ng sariwang tustos ng pagkabuhay na muling buhay upang halinhan ang ating kultura at maging ang isang bagong tao sa realidad sa pamamagitan ng pagiging kasimbago ng Bagong Herusalem.**

**Kailangan nating ipamuhay ang buhay ng isang bagong tao sa halip na ating kultura sa pamamagitan ng pagkatuto kay Kristo gaya ng ang realidad ay na kay Hesus; ang paraan na namuhay ang Panginoong Hesus sa lupa ay ang paraan na dapat ipamuhay ng isang bagong tao.**

*© 2020 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Thanksgiving Conference**
**Nobyembre 26-29, 2020**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG NAGPAPALOOB NG LAHAT, MASAKLAW NA KRISTO**
**NA HINAHALINHAN ANG KULTURA PARA SA ISANG BAGONG TAO**

Mensahe Isa

## Ang Mahigpit na Pangangailangan na Mahalinhan ang Ating Kultura ng Nagpapaloob ng Lahat, Masaklaw na Kristo

Babasahin sa Kasulatan: Col. 1:12-13, 15-18, 27; 2:8, 14-15; 3:4, 10-11

**I. Ang aklat ng Colosas ay isinulat dahil ang ekklesia sa Colosas ay napangibabawan ng kultura, at napabaling ang pansin ng mga banal palayo kay Kristo dahil sa kultura—2:8, 16-17; 3:10-11:**

A. Sa Colosas, binaha ng kultura ang ekklesia, hinalinhan nito si Kristo, at binihag ang mga banal—2:8.

B. Ginagamit ng kaaway ng Diyos ang kultura upang halinhan si Kristo; susubukan niyang gamitin ang mabubuting aspekto ng kultura upang halinhan si Kristo—cf. Fil 3:4-8.

C. Ayon sa aklat ng Colosas, si Kristo ay nahalinhan ng kultura; ipinahihiwatig ng Colosas na ang sukdulang panghalili kay Kristo ay ang ating kultura.

D. Sa Colosas ang *awtoridad ng kadiliman* ay tumutukoy lalo na sa mabubuting aspekto ng kultura at ng ating natural na katauhan—1:12-13:

1. Ang mga banal sa Colosas ay napasailalim ng awtoridad ng kadiliman sa pamamagitan ng pagpapahintulot na pasukin ng pinakamatataas na aspekto ng kultura ang ekklesia—2:8.
2. Ang pinakamatataas na produkto ng kultura gayunman ay mga aspekto ng awtoridad ng kadiliman na pinangkokontrol ni Satanas sa mga tao—1:13.
3. Anumang bagay na panghalili kay Kristo ay nagiging awtoridad ng kadiliman upang kontrolin tayo—v. 13.

**II. Lumitaw ang pantaong kultura pagkatapos matisod ang tao —Gen. 4:16-22:**

A. Pagkatapos lisanin ang presensiya ng Diyos, nagtayo si Cain ng lunsod para sa kanyang proteksiyon at sariling pag-iral—bb. 16-17:

1. Sa loob ng lunsod na ito ay gumawa siya ng isang kulturang walang Diyos, isang kulturang walang kinikilalang diyos.
2. Sa halamanan, ang Diyos ang lahat-lahat sa tao—ang kanyang proteksiyon, sustento, tustos, at libangan; nang maiwala ng tao ang Diyos, naiwala niya ang lahat-lahat.
3. Ang pagkawala ng tao sa Diyos ang pumilit sa tao na mag-imbento ng pantaong kultura, kung saan ang mga pangunahing elemento nito ay ang mga lunsod para sa pag-iral, pag-aalaga ng mga hayop para gawing kabuhayan, musika para sa kasiyahan, at mga armas para sa depensa—bb. 20-22.

B. Sa wari, ang kulturang walang Diyos ay inimbento ng taong tumangging tahakin ang daan ng Diyos at sa gayo’y naiwala ang Diyos; sa katunayan, ang intrinsikong salik ng

kultura ay ang panunulsol at panghihimok ni Satanas, ang kaaway ng Diyos, sa loob ng taong lumisan sa Diyos—bb. 7, 16-17; Mat. 12:26:

1. Ang gayong kultura, na walang Diyos at kaisa ni Satanas, ay naging isang modelong kumakatawan sa lahat ng pantaong kultura sa buong kapanahunan at sumasagisag na ang mga kulturang ito ay walang Diyos at sumunod kay Satanas at kaisa ni Satanas—cf. Luc. 4:6, talababa 1.
2. Ang kulturang walang kinikilalang diyos ay nagsimula bilang isang binhi sa Genesis 4, at uunlad ito sa buong kasaysayan ng pantaong lahi hanggang sa ito ay mapasukdol sa Dakilang Babilonia sa Apocalipsis 18.
3. Ang salita ng Panginoon sa Mateo 24:37-39 ay nagpapahiwatig na ang kulturang walang kinikilalang diyos sa panahon ni Noe ay uunlad sa pinakasukdulan nito sa panahon ng pagdating ng Panginoon.

**III. Ang kultura ay isang hadlang sa layunin ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia—Efe. 3:10-11; 5:32:**

A. May napakatusong bagay na humaharang sa daan ni Kristo at ng ekklesia; ang tusong sumasalungat na elementong ito ay kultura—Col. 3:10-11; Efe. 2:14-15; Col. 2:14-15.

B. Ang kultura ay isang malaking hadlang sa pagdaranas kay Kristo; hindi namamalayan at namamalayan ma'y walang pagkakatanto, tayo ay nahahadlangan ng kultura sa pagdaranas at pagtatamasa kay Kristo—Fil. 3:7-8.

C. Ang ating paglago tungo kay Kristo sa lahat ng bagay at ang pagdating sa ganap na paglago ng tao ay nahahadlangan ng ating tuso at natatagong kultura—Col. 2:19; Efe. 4:13, 15-16.

**IV. Ang pantaong kultura ay tumatayong laban sa kaharian ng Diyos—Mat. 10:16-25, 34-39; 12:29, 46-50:**

A. Ang mga makasalanang bagay ay hindi sumasalungat sa kaharian ng Diyos tulad ng ginagawa ng pantaong kultura.

B. Ang pantaong kultura ay naging isang pangunahing parte at malaking bahagi ng kaharian ni Satanas—b. 26

C. Ang kultura ay naging kuta ni Satanas; sa isang tusong paraan, patuloy niyang hinahawakan ang kultura at ginagamit ito upang salungatin ang kaharian ng Diyos—Gawa 26:18; Col. 1:12-13.

**V. Si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Isa ay laban sa kultura at dapat Niyang halinhan ang ating kultura ng Kanyang sarili—b. 18; 3:4, 10-11:**

A. Ang layunin ng masaklaw na pahayag hinggil kay Kristo sa aklat ng Colosas ay ang tuusin ang kultura—2:8; 3:10-11.

B. Sa aklat na ito ay ipinakikita ni Pablo ang isang pangitain hinggil sa nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo upang kintalan tayo ng katunayang dapat halinhan ng Kristong ito ang ating kultura—1:27.

**VI. Ang uri ng Kristo na humahalili sa kultura ay ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, ang nangungunang Isa, ang sentralidad at unibersalidad ng ekonomiya ng Diyos—bb. 15-18; 2:16-17; 3:4, 10-11:**

A. Ang Kristong maaaring humalili sa ating kultura at maging lahat-lahat sa atin ay ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo—1:15, 18.

B. Ang aklat ng Colosas ay isinulat upang ihayag ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo na tumutuos sa ating kultura at hinahalinhan ang ating kultura ng Kanyang sarili—3:4, 10-11.

C. Sa Kanyang pagliligtas, hindi lamang tayo inililigtas ng Diyos mula sa ating kasalanan, kahatulan, dagat-dagatang apoy, sanlibutan, at sarili; inililigtas din Niya tayo sa lahat ng bagay na humahalili kay Kristo, kabilang ang ating kultura—Heb. 7:25.

D. Ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo ay nasa loob natin, at kailangan natin Siyang hayaang punuan ang ating buong katauhan at halinhan ng Kanyang sarili ang ating kultura —Efe. 3:17a; Col. 1:27; 3:11.

*© 2020 Living Stream Ministry*